# GURO: PANGALAWANG MAGULANG!

*by:*
**Gillian D. Mallari**
*Teacher III, Kataasan Elementary School*

Ang guro ay tumatayong pangalawang magulang sa mga batang kanyang tinuturuan. Ibinibigay niya lahat ang kanyang makakaya upang ang kanyang mga estudyante ay mahubog ang kaalaman at matutunan ang magagandang-asal. Guro, isang propesyon at may mabigat na responsibilad, gayunpaman ito pinili upang makapaglingkod sa bayan at lalong- lalo na ang magbigay kaalaman sa mga batang paslit na nangangailangan ng kalinga tungo sa kanilang pangarap at tagumpay. Bilang pangalawang magulang, hangarin mo ay magampanan ng maayos ang tungkulin, maging mabuting tao at may takot sa Diyos.

Ayon sa pagsasaliksik nina (Robosa at iba pa, 2021) naging motibasyon ng mga guro ang kanilang mga estudyante na ipagpatuloy ang kanilang hilig sa pagtuturo anuman ang lahat ng hamon. Sapagka't ginugugol ng mga estudyante  ang karamihan ng kanilang oras sa paaralan, ang kanilang guro ang  pangalawang magulang. Ayon na rin sa kanila, ang mga karanasan nila ay nagbibigay-daan sa kanila na bumuo ng isang matibay na relasyon sa kanilang mga mag-aaral. Bukod dito, ayon sa kanila, ang mga pagsisikap na kanilang ginagawa sa kanilang mga mag-aaral ay ginampanan ang kanilang tungkulin. Higit pa sa pagiging bahagi ng buhay ng mga estudyante sa apat na sulok ng isang silid, ito rin nagdudulot ng kaligayahan na panoorin silang makamit ang kanilang ayunin sa labas ng paaralan.

Ang mga guro o pangalawang magulang ng mga estudyante sa paaralan, maari maging instrumento sila sa paglikha ng ligtas at maayos na kapaligiran para sa mga estudyante. Ito ay posibleng gawin sa pagsasagawa ng mga hakbang, gaya na lamang ng

pagtatalakay ng panunupil sa klase, pagsubaybay sa mga mag-aaral na napapansin na madalas mang-asar o mangbully. Kinakailangan ng mga guro ng nararapat na paraan at diskarte ng pagdidisiplina sa mga bully na estudyante sa kanilang paaralan.( Guavarra at iba pa, 2012)

"Sila ang tumatayong ating pangalawang magulang sa eskuwelahan at sila ang tumulong para mapanday at mapahusay tayo. Ang mga guro natin mula elementarya hanggang kolehiyo ay masasabing mga tahimik na bayani ng bawat henerasyon" (EDS Ebro, 2024)

Kaya naman makikita natin na hindi lamang pagtuturo ang ginagawa ng mga guro, bagkus sila din ang tumatayong pangalawang magulang sa kanilang mga estudyante, nariyan ang mga guro na palaging nakasuporta upang marating nila ang kanilang pangarap.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Robosa at iba pa (2021) -Public School_Teachers.pdf

Guevara at iba pa (2012)- Implikasyon ng sikolohikal-demographikong profay! Ng mga bully.

EDS Ebro (2024) - Becoming a bayani: Exploring Filipino college students' social constructs of modern-day heroism